Kristian Sendon Cordero

# Salimpusa

Binuksan ko ang araw sa pagsalubong sa mga bago naming magiging kasambahay at ito ang apat na bagong kuting ng beteranang pusang si Mystica, ang pinakamatandang pusa ng aking Nanay. Una sa 25 mga pusakal (pusang kalye) na inampon niya simula nang magtrabaho ang Tatay sa Amerika bilang isang sikyu sa isang barko na nagdadala ng mga turista sa mga isla at dagat ng Bahamas at Caribbean. Kung tutuusin mas matanda pa si Mystica sa akin dahil una itong napulot ng Nanay sa isang basurahan sa may malapit na kainan ng Intsik, tatlong buwan bago ako ipanganak. Iniligtas daw ng Nanay sa tiyak ng kamatayan ang gusgusing pusa na balitang ginagawang siopao kasama ng mga palakang bukid na pinapakyaw naman ng mga mamimili lalo na ng mga magpapadyak at mga magtataho. Simula raw nang mapulot ng Nanay si Mystica ay unti-unti na ring pumasok ang suwerte sa aming bahay. Una na rito ang pag-abroad ng Tatay na sinundan naman ng maayos na panganganak sa akin na kanyang unico hijo at ang pagkakaroon namin ng segunda manong bahay na binili ng Nanay sa kaibigan niyang Bombay na nalugi sa payb siks simula nang maging itong Born Again Christian.

Ang pinakahuling balita ng Nanay na nasagap tungkol sa mga Bombay ay bumalik na lamang ito sa India bilang isang misyonero ng kanyang bagong relihiyon at napatay sa isang rally doon.

Kinagisnan ko na si Mystica sa bahay namin simula pagkabata hanggang ngayon na nasa 3rd year hay-iskul na ako. Mystica ang ipinangalan sa kanya dahil taglay niya ang mga misteryosong katangian na di raw pangkaraniwan sa mga tulad nitong pusakal. Parang siyang isang sphinx, kulay kahel ang likod na bahagi at ang mga paa at ang isang mata ay kakulay ng uwak, samantalang pinaghalong kulay asul at berde naman ang isang mata. Parang mga dyolen. Mahahaba rin ang mga sungot ni Mystica na pinutulan ko minsan na ikinagalit naman ni Nanay. 'Yon ang una kong kurot mula sa ina ko.

Kakambal ko nang maituturing si Mystica dahil sabay kaming pinalaki sa loob ng bahay. Kahati ko siya sa gatas ng kalabaw na nang unang ipinainom sa akin ay halos itae ko na raw pati ang bituka ko at siyempre hati rin kami ng atensiyon ng Nanay ko na maagang nag-asawa bago pa ito matapos ng kolehiyo.

Sabay na nililinis ng Nanay at ng dalawa ko pang ate ang dumi namin ng pusa ngunit higit na mabaho raw ang kay Mystica na parang tae ng demonyo at parang tae ng Tatay ko na sabi ng Nanay ay hindi marunong magsara ng kasilyas kapag tumatae. Takot daw kasi ang Tatay sa maliliit na lugar dahil para siyang ikinakahon. Hindi ko alam kong paano kaya ang buhay niya sa barko sa gitna ng dagat na mistulang isang posporong palutang-lutang sa kawalan o kung paano ang buhay ng mga kasamahan niya sa trabaho sakaling ganito pa rin ang kanyang ugali sa pagdudumi.

Maliban sa amoy demonyong tae ni Mystica, madalas ring umihi ito kung saan-saang sulok ng aming segunda manong bahay. Ngunit ang paborito nitong lugar ay ang altar ng Mahal na Poon ng Nazareno ng Capalongga. May mga sandaling sabay kaming pinapagalitan ng aming

mga tagalinis na kasambahay: ako sa pag-ihi ko sa banig na umaabot kahit noong nasa Grade 3 na ako at si Mystica na parang tao rin kung ituring lalo na ng aking Nanay. Minsan, sinabi niya na si Mystica ay isang agimat, parang ang Poon ng Capalongga na napulot niya rin lang daw sa basurahan nang itapon ito ng mga kasamahan ng Bombay na naging Born Again.

Mahilig magtatakbo, mangulit at mamulot ng kung ano-anong makikita sa paligid itong si Mystica na parang laging isip-bata kahit ilang ulit na itong nanganak. Hinahabol nito minsan ang kanyang anino o kung hindi man ang mga daga o insektong naliligaw sa bahay. Pumupulot ito sa paa ni Nanay, lumingkis na parang ahas, kung gusto nang kumain.

Kung meron mang mortal na kalaban ang pusa— 'yon ang dalawa kong kapatid na babae na madalas na nagpapalitan at nagtatalo sa pagpupunpon ng aming mga dumi kung kaya madalas daw silang bulyawan noon ng Nanay. Minsan nagsuntukan pa nga raw ang dalawa kong kapatid sa pagtatalo kung sino at kaninong pinagtaehan ang lilinisin. Marahil ito ang dahilan kung bakit tila asiwa sa akin ang dalawa kong ate dahil taglay ko ang alaala ng paglinis ng tae ng tao at ng pusa. Laging kasumpa-sumpa ang tae ni Mystica na habang tumatanda ito ay lalong bumabaho. Bago ako tumungtong sa paaralan, inuutusan na rin akong maglinis noon ng tae ng kakambal kong pusa. Natigil lamang ang pag-utos sa akin ng paglinis ng tae ng lalo pang dumaraming pusa nang sabihin ng albularyo kay Nanay na maaari kong ikamatay sakaling makalanghap ako ng balahibo ng mga hayop at umakyat ito sa aking ulo. Hindi niya man magawang itaboy ang masuwerteng alaga, pinagbawalan na lamang ako ni Nanay na hawakan ito. Minsan parang ayoko na tuloy na huminga noon sa bahay upang hindi ko malanghap ang nagliliparang balahibo ng pusa na sa paglipas ng panahon ay lalong dumami nang dumami.

Halos pagpapaluin naman ng lugtong ang Ate Sharon nang makita ng Nanay na ginugusgos ng ate ang nguso ni Mystica sa sarili nitong tae. Hindi na raw siya naawa sa hayop. Paliwanag naman ng panganay kong kapatid na kaya niya lang ginawa 'yon para magtanda na ang pusa na hindi na tumae sa loob ng bahay. Ngunit walang paliwanag na tinatanggap ang Nanay pagdating sa kanyang mga pusa. Parang mas maiintindihan pa ng Nanay kung bakit ang daming bagsak ni Ate Sharon sa grades nito kaysa ang maging malupit ang isang tao laban sa mga pusa niya. Palihim na nagsumbong ang Ate Sharon sa Tatay nang minsang tumawag ito sa bahay at wala si Nanay. Iyak nang iyak ang kapatid ko na ipinangalan sa megastar dahil kasabay na nabuntis ni Nanay ang nasabing artista. Nang sunod na tawag ng Tatay, ang pusa na ang pinag-awayan ng mag-asawa at siyempre ang madalas na ring pagka-delayed ng alote dahil kalati ng buong suweldo ng Tatay ay ipinapadala pa rin sa aming lola sa Pampanga.

Dahil lumaki kami sa Bikol, sa poder ng Nanay, kung kaya masasabi kong mas malapit ang loob ko sa kampo niya. Nang mamatay ang lolo ko sa Pampanga, ni hindi ko magawang umiyak dahil wala naman akong matandaang nakakaiyak na tagpo na puwedeng alalahanin. Naluha na lang ako kahit papano nang mangiyak-ngiyak na rin ang aking mga kapatid nang malaman ang balita. Iyak pusa na lang ang ginawa ko–'yong iyak na walang luha, 'yong maiiyak ka na lang dahil hindi ka naiiyak.

Si Mystica rin ang dahilan ng malaking pilat sa gawing kanan ng aking mukha dahil niluksuhan ako nito sa duyan para habulin ang isang alipato na nakapasok sa loob ng bahay nang minsang magsiga ng napakaraming papel ang kapitbahay naming manunulat daw sa isang diyaryo sa Naga. Galit na galit daw na pinalo ng Nanay sa ulo ang pusa na akala mo'y matatanggal na ang lahat ng balahibo nito. Mabuti na lamang at hindi nito kinagat ang Nanay, kuwento sa akin ni Ate

Cheche. Ito ang una't huling pagpalo ng Nanay kay Mystica na labis na ikinatuwa ng dalawa kong kapatid hindi dahil napalo si Mystica kundi parang natauhan na raw ang Nanay namin. Halos isang Linggong nawala noon si Mystica at hindi naman ito hinanap ng Nanay kahit na kapansin-pansin na lagi niyang iniiwang bukas ang bintana sa may kusina sa pagbabaka-sakaling bumalik na ang alagang pusa.

Bumalik si Mystica matapos maupos ang ilang kandila sa harapan ng aso ni San Roque at ni San Antonio de Padua na sinindihan ng Nanay para sa muling pagbalik ng kanyang alaga. At sa pagbabalik ni Mystica, isang milagro ang itinanghal ng aking Nanay. Bagong pusa na raw si Mystica mula nang bumalik ito dahil hindi na nito pinansin ang mga nagtatakbuhang daga, naging matimpi at mapagmasid na lamang ito sa loob ng bahay, naging misteryoso, naging totoo na sa pangalan niyang Mystica.

Tahimik na lamang itong umuupo sa may bintana na parang pinagmamasdan ang lahat ng bagay na nangyayari sa kanyang paligid. Umaalis na lamang ito sa kanyang puwesto para kumain sa kusina kung saan sinanay siyang gamitin ang sariling pinggan na isang lumang pulang tupperware. Simula noon madalas nang sabihin ng Nanay sa kanyang mga kumare na may sariling isip na ang pusang si Mystica. Para siyang isang bayani na nagkaroon ng isang gabing karanasan ng pagpurga ng mga pagnanasa na likas sa pusa: makulit, malikot, panakaw kung kumuha ng pagkain, dumudumi kahit saan, namemeste tuwing gabi, lahat ito ay parang naituwid ni Mystica sa paningin ng Nanay—maliban siyempre sa regular na pakikipagtalik at pagdadalang-pusa. Ngunit maipagmamalaki pa rin ang hayop dahil natuto na rin daw itong umihi at tumae sa labas ng bahay at may isang gabing ginising kami lahat ng Nanay nang mapansin nitong tumae ng dugo ang pusa. Kahit na umuulan nang pagkalakas-lakas, inutusan niya pa rin ang Ate Sharon na bumili ng diatabs na hindi

naman tumalab kaya kinaumagahan bago dumating ang nagtitinda ng pandesal ay pumila na kaagad ang Nanay kay Dok Dakuko na siyang kaisa-isang beterinaryo sa bayan na madalas ring takbuhan maging ng mga taong walang-wala talagang ipambabayad sa espesyalista. Madalas na makita nga sa klinik ng doktor sa hayop ang mga katutubo sa bundok ng Asog para magpakagamot. Bulung-bulongan din ng ilang manang sa merkado na ang katawan daw ng mga katutubo ay hawig na hawig sa kalabaw at may isang asyendero rin na nagkalat ng balita na may maliliit na buntot pa daw ang mga katutubo katulad sa unggoy. Una daw itong pinuputol ng mga albularyong katutubo bago ang pusod ng bagong ipanganak na sanggol. Tanging si Dok Dakuko lamang ang talagang nagmamalasakit sa kanila na balitang anak din ng isang katutubo na nabuntisan ng isang misyonerong Mormon. Kulot ang buhok at makapal ang labi ng doktor na namana niya sa kanyang nanay at mangasul-ngasul naman ang mata nito, parang ang kabilang mata ni Mystica.

Matapos ang mabusising pagsusuri kay Mystica, binigyan ito ng dalawang iniksiyon. May mga reseta pang ibinigay at nagbayad ang Nanay ng isang daan. Maganda raw ang sulat-kamay ng doktor sa hayop, kuwento ni Ate Sharon. Sa doktor sa hayop dinala rin ako ng Nanay upang magpatuli. German cut. Bakasyon noon, bago ako mag-grade 6. Gusto ko sanang sumama na lang sa mga kaibigan kong sina Ken at Bryan ngunit ayaw ng Nanay sa kung sinong tambay ako magpabinyag dahil baka raw ako matulad sa aking Tatay na madalas niyang sabihing may mali sa pagkakatuli nito. Parang walang ulong kabute raw ang ari ng tatay, pabiro ng Nanay sa kanyang mga kumareng mga asawa rin ng mga mandaragat sa abroad. Dahil paulit-ulit ang mga ganitong kuwentong tila pang-iinsulto na kay Tatay, hindi na namin pinapansin si Nanay sa tuwing maririnig namin ang ganitong mga pasaring at kung masamang biro man ito, malamang ay sapat na itong dahilan upang

isang buwan na lamang kung manirahan ang Tatay sa amin sa tuwing bababa ito ng barko kada dalawang taon. Umaalis si Tatay bago ko pa maisaulo ang kanyang itsura. Mas sanay akong titigan ang kanyang retrato sa sala. Sa totoo nga lang, tila mas marami ang pagkakataong nag-usap kami ng retrato ng Tatay kaysa ng mga pagkakataong sabay kaming nanonood ng telebisyon sa sala.

Nang tuliin ako, sampung beses nang nanganak si Mystica. Dalawa sa isang taon kung magluwal ito ng mga kuting at nakasiping na nga niya ang ilan sa kanyang mga anak na pusa. Ina siya ng kanyang mga apo hanggang sa talampakan. Madalas na apat ang kuting na iniluluwal ni Mystica na minsang tinayaan sa huweteng ng Nanay. Nanalo siya ng limang daan na hindi naman naulit, kahit na naging tila ritwal na ang panganganak ng dalawang pares ng beteranang pusa. Alam naming magbubuntis na ito dahil madalas na itong wala sa bintana at gabi na kung umuwi. Tawag ito ng kalikasan at unang nangangati, nag-iinit marahil ang paa ng pusa. May mga pangyayaring sabay sila ng Nanay kung umuwi matapos na makipaglamay ng limang gabing sunod-sunod sa kabilang baryo ang Nanay. Patay noon ang dating barangay tanod na madalas kong makita sa bahay noon sa tuwing papasok na sa eskuwelahan ang dalawa kong ate.

Sa halip na ipatapon ang mga nagiging anak ni Mystica, inaampon ito ng Nanay dahil na rin sa paniniwalang malas ang manakit ng hayop. Kaya pinagawan niya ito ng isang malaking kulungan sa likod ng aming bahay. Si Mystica lamang ang puwedeng gumala sa bahay. May ilang pusang nakatakas sa kulungan, ang iba nama'y namatay samantalang ang iba'y ipinamigay na lamang ng Nanay matapos ang katakot-takot na bilin na kulang na lang ang adoption papers para sa mga kapatid ni Garfield. Sa dinami-dami ng pusa ng Nanay, halos nagamit na niyang pangalan ang 12 alagad ni Hesus, buwan, politikong ibinoto at lahat ng kanyang paboritong artista. Ilan sa mga ito sina Nora na kulay itim

at may tagik na puti sa may kaliwang mata, na naging ina rin ng isang pusang pinangalanan niyang Matet; si Vilma na madalas na tumambay sa kapitbahay; si Lorna na kulay kahel ang buong katawan, si Goma na naging karelasyon ni Dawn na nabuhusan minsan ng mainit na tubig ni Ate Cheche (sinadya siguro); si Daboy na muntik nang malason dahil sa betsin; si Osang na pinasakan ko minsan ng baterya sa puwit na kapatid naman ni Juday na bigla na lamang nawala at ang hinala ng Nanay ay nanakaw ng mga batang "nagka-catnap" para ipagbili at gawing siopao sa isang tindahan sa bayan; si Erap na purong puti ang balahibong mas higit na hawig sa baboy; si Gloria  na parating may muta at si Miriam na nasagasaan ng traysikel matapos itong makapuslit sa kulungan. Halos dumikit ang balahibo ni Miriam sa aspalto at mabilis na natuyo ang dugo nito dahil sa matinding sikat ng araw na umabot pati sa loob ng ulo ng Nanay. Magdamag na hindi kami nakatulog dahil sa ingay ng Nanay. Dinamdam niya ang pagkamatay ni Miriam (na binoto niya noon kaysa kina Mitra at Ramos) na naging dahilan ng pag-ungkat niya ng mga sama ng loob sa Tatay na parang isang mahabang listahan ng mga utang, sa dalawa kong kapatid na wala nang ginawa kundi magbabad sa telebisyon at kolektahin ang retrato ng mga batang artista at sa akin na wala na raw ibang ibinigay kundi gastos dahil sa hika na hindi na kayang magamot ng mga resetang herbal ni Dok Dakuko.

Laging bida kay Nanay ang kanyang mga pusa dahil nga ito ang suwerte niya sa mga negosyong kanyang nasimulan upang pandagdag sa aloteng ipinapadala ng Tatay. Lumaki akong tila walang ibang mukha ang Tatay kundi ang isang retrato sa sala, kuha kay Tatay kasama ang mga puti nitong amo at ang buwanang alote: ang P15,000 ipinapadala niya sa amin. Kung minsan kapag malaki ang nabale ni Nanay sa negosyo, pinapakawalan niya ang mga pusa sa bahay at pinapakain ng dalawang buong karpa at turingan. Nadisiplina ng Nanay ang mga pusa dahil hindi ito nag-aagawan o nag-aaway sa kanilang pagkain.

Mas madali raw na turuan ang mga pusa dahil wala silang mga partido sa politika, relihiyon, at ideolohiya na maaaring gamitin ang kulay ng balahibo bilang batayan ng pagiging angat ang isang pusa kaysa ibang pusa. Hindi rin sila eksklusibo sa relasyong sexual. Walang mga doktrina, walang mga plano. Parang nabuhay lamang ang mga pusa para kumain, makipagtalik, mamatay.

Kagaya ni Mystica na parang tumatayong matriarch sa mga pusa sa bahay, hindi rin pinapansin ng iba pang pusa ang mga naliligaw na daga, kahit makapasok pa ito sa kulungan nila. Kapit sa patalim na yata sa mga pusa namin ang pagkain ng daga, parang 'yong sitwasyon na kung walang-wala na talaga o kaya'y tuluyan nang nabaliw ang pusa katulad ni Miriam na isang araw bago masagasaan ay lumamon ng isang bubuli na nakita naming kasamang lumabas mula sa kanyang nagkalasog-lasog na bituka nang mahagupit at madaanan ito ng isang kulay asul na Honda Civic. Hit and run.

Kung tutuusin wala namang ibang pakinabang ang mga pusa sa aming bahay maliban sa kasiyahan na naidudulot nito sa Nanay upang mayroon naman siyang pagkaabalahan maliban sa pagtitinda ng kung anu-anong imported na nakukuha niya sa kung kani-kaninong kumare at kakilala. Nagtinda na siya ng longganisa at tosino, bra at mga whitening soaps, vitamins at maging stimulations na galing Tsina. Minsan pinainom ng Nanay si Mystica ng isang tableta upang suriin kung talaga ngang epektibo ang mga gamot na ayon sa sabi-sabi ay siyang iniinom ng isang negosyante na kilabot ng mga sales ladies niya. Halos tatlong araw nawala si Mystica na umuwing buntis. Mula rin noon ay may ilang mga lalaking pusa ang tila nagagawi o dumadalaw talaga sa amin upang makipagtalik lamang kay Mystica.

Maliit daw ang ari ng pusang lalaki kaya kailangan nitong kagatin ang pusang babae para madaling maisagawa ang sigwa ng pangangailangan. Madalas kaming pestehin ng sunod-sunod na ngiyaw ng mga pusang

babae na parang tumututol, humihiyaw ng "Ayaw!" samantalang ang mga lalaki naman ay sumisigaw ng "Bungaw!" o bayag sa amin. Nang talagang marami na ang mga pusa sa bahay, nakumbinsi ng mga kumare niya na ibigay na sa kanila ang ilang alagang pusa kahit na alam naming labis na nahirapan ang Nanay. Kumuha siya ng kada isa sa bawat henerasyon ng pusa para naman well represented 'ika nga ang distribution. Sa isip ng Nanay baka daw maghihinanakit sa kanya ang mga kaibigan ni Felix the Cat.

Bata pa lang ang Nanay ay mahilig na raw ito sa pusa. Kung totoong ipinaglihi ang Nanay sa pusa ay wala naman itong ibang palatandaan maliban sa mga kukong maingat niyang inaalagan: mga kukong parang nakatikim na ng lahat na kulay ng bahaghari. Ngunit hindi lang naman suwerte ang dala ng mga alagang pusa ng Nanay. Muntik na kaming masunugan nang minsan brown out at nakabig ng pusang si Gloria ang aming gasera at dumampi ang nagliliyab na mitsa sa bulaklaking kurtina. Mabuti na lamang at napatay agad ang apoy.

Ilang taon rin kaming nasanay sa maraming balahibong pusa sa bahay, mula sa sahig, sa dingding hanggang maging sa pag-alis namin ng kulangot ay may balahibo ng pusang napapasama. Mula ito kay Mystica at sa iba pang pusa. Subalit sa halip na tuluyang itigil ang pag-aalaga sa kanila o kaya'y ikulong at sentensiyahan ng reclusion perpetua, hinayaang gumala lamang ang mga ito paminsan-minsan hanggang sa tuluyan na silang pakawalan sa hawla at kasabay naming lumaki sa loob ng bahay.

May sa kisame natutulog, sa mga estante, sa kusina, sa lababo, sa bintana. Kinalaunan ang kulungang ipinagawa ng Nanay ay tila naging isang haunted house na lamang. May mga pusang halos nalampasan na ang kanilang siyam na buhay sa tanda ng pagtira nila sa bahay. Ilan din sa kanila ang napagtagumpayan ang ilang pagsubok at pagmamalupit na gawa ng aking mga kapatid sa tuwing aalis ang Nanay. Pinakain ng

may betsin, buhay pa rin. Iniligaw sa may plaza, nakauwi pa rin at ang labis naming ipinagtataka ay sa tuwing ihuhulog namin noon ang mga pusa mula sa bubong (nakisangkot din ako) ay lagi itong bumabagsak ng nakatayo sa lupa. Kaya kami na lang ang napagod at tinigilan ang paglalaro sa kanila lalo na nang marinig naming paboritong alaga ng mga aswang at mangkukulam ang pusa dahil maliban kay Nanay meron ding isang emperyo ng pusa ang matandang si Manay Biset na kinakatakutan naming lahat dahil balitang aswang daw ang matanda, kung kaya hiniwalayan ito ng asawang naging rebelde noong panahon ng mga Hapon.

Walang anak si Manay Biset at tanging ang buwanang pensiyon daw ang ikinakabuhay nito at ang tindahan na hindi naman masyadong nabibilhan dahil halos expired na ang lahat dito: pasong sigarilyo, nilalanggam na noodles, maputlang ketsup, toyong kakulay ng kalawang at kung anu-ano pa na hindi na rin niya inili408ligpit dahil kahit ang mga magnanakaw ay hindi mangangahas na kunin ang kanyang mga paninda. Niloko nga namin ni Ate Cheche minsan ang matanda dahil kinukuha pa rin nito ang mga lumang barya na hindi na rin ginagamit ngayon. Hindi naman namin kakainin ang mga paninda ngunit tiyak na meron pa kaming sukli sa kanya. At 'yon ang gagamitin namin sa pagbili ng teks doon kay Ong To.

Mabaho rin ang silid ng matanda dahil sa kanyang malulusog na pusa na pinagpipiyestahan ang mga dagang naliligaw doon. Sa kanyang silid, malalanghap ang amoy ng nabubulok na daga, tae ng pusa, na humalo sa matinding pangungulila. Sa kawalang ngayong ko lamang naisip, kawalang nakita ko noon sa mga nakatambak na diyaryo sa tabi ng kama, sa mga pusang katabing matulog ni Manay Biset nang minsang bumili ako rito ng sardinas na ibinigay ko sa relief project namin para sa mga nasalanta ng bagyo sa Pampanga.

Noong nakaraang taon, bigla na lamang natagpuan na nakabulagta sa kama si Manay Biset, inatake sa altapresyon ang matanda. Nagkasundo ang barangay na dalhin na ito sa Home for the Aged na pinapatakbo ng mga madre ni Mother Teresa sa Lungsod ng Naga. Nagpupumiglas at halos mangiyak-ngiyak ang matanda nang dinala siya sa kumbento. Sa kabila ng ganitong eksena, hindi pa rin nakaligtas sa matinding pagpapasaring ang matanda na hindi raw ito nakapasok sa lugar ng mga madre dahil tiyak itong masusunog dahil sa aswang nga si Manay Biset. Ito ang sabi ng isang kumare ng Nanay na siyang naglimas ng mga paninda ng matanda na natagpuang patay sa isang imburnal dahil tumakas siya sa kumbento at aksidenteng nahulog.

Nahulog at nabagok ang ulo ng matandang napag-alaman ng buong baryo na isa pa lang comfort woman noong panahon ng Hapon na siyang dahilan kaya iniwan ito ng asawang nakilala niya pagkatapos ng digmaan. Hindi na rin nila nagawang magkaanak dahil na rin sa malupit na karanasan na sinapit nito sa kamay ng mga Hapon. Noon pa lamang namin narinig ang malungkot na kuwentong iyon at dahil pinag-usapan na ng buong baryo, wala nang matukoy na bibig kung saan nanggaling ang kuwentong ito. Ganoon naman daw sa isang lugar katulad ng baryo namin, kailangan gumawa ng mga kuwento upang masagot ang mga tanong na kami rin naman ang gumagawa. At katulad ng lahat sa lugar na ito, hindi rin kami ligtas sa ganoong uri ng mga usapan, ng mga tanong tungkol sa aming pamilya kasama na ang mga pusa.

Nang araw na inilibing ang matanda, tanging ang mga kagawad lamang kasama na si kapitan ng barangay at 151 pusa ang naghatid sa labi ng matanda na pinaglamayan nang isang gabi sa ermita. Walang asawa o kamag-anak na dumating kung kaya lalo pa raw na nag-iba at higit na nakakatakot ang mukha ng bangkay habang nagtatagal ang pagsugal at pag-inom ng mga nakilamay. Kung kaya inilibing ito kaagad

kinaumagahan sa isang burol na ginawang sementeryo ni Meyor para sa kanyang proyektong libreng palibing.

Dahil ulila na ang mga pusa, kumuha ang Nanay ng mga bago niyang ampon. Sampu ang bagong nakadagdag sa kanyang koleksiyon samantalang ang iba nama'y hinayaan na lamang na gumala sa kamposanto. May ilang nagsabing kumuha ng tig-iisa ang mga kagawad at dalawa kay Kapitan dahil na rin sa takot na baka gambalain ng multo ng matanda ang baryo sakaling pabayaan ng mga tagabaryo ang kanyang mga pusa. Nang mamatay si Manay Biset, parang nagluksa rin ang mga pusa namin. Hindi nila pinansin ang kanilang mga pagkain at maaga silang pumosisyon sa kani-kanilang estasyon sa kani-kanilang tulugan.

Habang lumalaon naman ay lalong nakagiliwan ng Nanay ang pag-aalaga ng mga pusa. Meron na rin siyang mga binibiling magazine sa segunda-manong bookstore tungkol sa mga pusa at iba pang hayop na puwedeng alagaan ng tao. Minsan, pinaghandaan niyang bumili ng isang mamahaling pusa na galing pang Egypt, imported, mga halos aabutin ng P5,000 ngunit nagastos niya ito nang minsang natumba at nangisay na lamang ang Ate Cheche sa kanilang klasrum matapos kutyain na putok sa buho daw ang pangalawa kong kapatid. Isinugod naman agad ng titser ang Ate Cheche sa ospital ng mga madre, na may kamahalan ang singil, na sabi nga may natutuluyan na raw na mga pasyente dahil kasing bilis ng pag-akyat ng mercury sa BP ang taas ng presyo ng babayaran.

Kaya matapos na magsumbong kay Nanay ay lalo pa nitong pinagalitan ang Ate Cheche na huwag daw magpapaniwala sa kung ano-ano. Matapos ang ikalawang araw, pumatak na kaagad sa P4,000 ang babayaran sa ospital kahit na puros tinolang manok lang naman at ginisang sayote ang pagkain, isang electric fan, isang kama at isang doktor na sa Japan pa raw nagtapos ng medisina kung kaya mahal ang

bayad dito. Agad namang tumawag ang Nanay sa Tatay nang makailang beses ngunit tila nilamon na ng Bermuda Triangle dahil hindi niya ito nakontak.

Dahil halos hindi na rin umuwi ang Tatay sa amin, ang ibang pusa na ang nagiging katabi ng Nanay sa pagtulog, merong nakaposisyon sa kanyang ulo, sa may paa, at tig-dalawa sa kanyang tagiliran. Ang bagong sampung pusa ay ikinulong muna. Himalang hindi siya inuubo o kaya ay kinakati. Sa tagal na marahil ng panahon ay di na maaaring atakihin ang Nanay ng hika na maaaring makuha sa balahibo ng pusa. May mga pagkakataong nakita kong kinakausap ng Nanay ang mga pusa. Doon niya sinasabi ang lahat ng kanyang mga hinanakit na parang nakakaintindi ang mga kausap, na parang basahan ang mga balahibo nito na kayang patuyuin ang kanyang pabugso-bugsong pagluha.

Kagaya nang sinabi ko kanina, hindi naman talaga namin kinasanayan ang Tatay sa bahay. Lumaki kaming mga pasalubong lamang niya ang nagpapaalala sa kanya at ang nakadispley niyang isang retrato. Mas sanay pa nga kaming hanapin ang mga pusa ni Nanay.

Lumaon, maliban sa mga pusa, kinagiliwan din ni Nanay ang pag-aalaga sa iba pang hayop na naging negosyo niya na rin. Nag-alaga siya ng baboy, gansa, pato, manok, aso, goldfish, pabo, at kung ano-ano pang maaaring maging libangan at pagkakitaan. Pinagsama-sama niya ang mga ito sa loob at labas ng aming bahay. Sa mga hayop na ito, totoong nakakapagod ang mag-alaga ng baboy dahil halos bawat hapon ay nandoon sa tangkal ang Nanay. Kumuha na rin kami ng katulong upang siyang direktang mag-aalaga sa mga hayop ng Nanay. Kababata ng Nanay ang nakuhang katulong, si Manoy Nestor, matangkad, hindi palaimik at halos puti na ang lahat ng buhok na hindi naman dahil sa katandaan kundi sadyang ganun lang daw ang taong hindi gaanong nagsasalita. Parang bagong salta sa planeta.

Walang anak si Manoy Nestor sa kanyang asawa na nagtatarabaho

sa isang sanglaan sa bayan. All-around si Manoy Nestor at wala itong tinatanggap na regular na sahod mula kay Nanay. Paekstra-ekstra ito sa mga bahay-bahay dahil marunong ito sa pagkumpuni ng sira-sirang mga gamit. Kumakayod din paminsan-minsan ng traysikel ni Manay Abeng at higit sa lahat marunong din ito sa hayop kahit na hindi naman siya beterinaryo katulad ni Dok Dakuko. Sabi ng Nanay, nakapagtapos daw ng second year Bio si Manoy Nestor. Tumigil lang ito sa pag-aaral dahil napagtripan ng isang titser na bading. Dahil hindi ito pinatulan ni Manoy Nestor, katakot-takot na F ang nakuha niya sa kanyang class cards.

Noong mga unang buwan ay lingguhan lamang kung dumalaw si Manoy Nestor. Ngunit naging madalas ang pagbisita ng all-around alalay ng Nanay nitong huling mga taon. Magaling talaga ito si Manoy Nestor dahil nagawa nitong iligtas ang asong si Macgayver nang minsang bigla na lamang bumula ang bibig nito. Ang suspetsa pinakain ng tinapay na may betsin ang batik-batikang aso. Pinasuka nang pinasuka ni Manoy Nestor ang alaga habang si Nanay naman ay abala sa paghahanap ng kung anu-anong gamot, tabletas man o halaman na ipinapakuha ni Manoy Nestor. Hindi lang si Macgayver ang iniligtas niya, maging ang pagtatae ng mga pusa, pulgas ng mga aso, bulate ng mga baboy ay nagagawa niyang bigyang-lunas. Bagay na labis na ikinahulog ng loob ng Nanay. Hindi ko alam kung dati na nga silang magkasintahan bago pa nakilala ni Nanay ang Tatay. Matapos ang ilang buwan na pagtatrabaho ni Manoy Nestor sa amin, nasanay na kaming parati siyang nasa bahay at kahit nga wala ang Nanay na madalas na ring pumupunta ng Maynila para raw ayusin ang ilang dokumento sa opisina ng Tatay na halos hindi na rin tumatawag o sumusulat sa amin. Huling bakasyon niya ay noong unang anibersaryo ng aking pagtuli. Ni hindi na niya tiningnan kung maayos ang pagkakatuli ko, gayong ang mga kasama kong nagpatuli ay inalagaan daw ng kanilang mga ama

ang kanilang titi alalang-alala raw sa magiging sunod na lahi. Wala ako o si Tatay ng dramang ganun na nagbabakasakali sa mga hinaharap, o sa kakalabasan ng susunod na henerasyon. Wala akong pagtatantiya sa kung ano ang magiging itsura ng mga susunod na pusa o anupang hayop na mananahan sa bahay.

Huwebes ng gabi kung umalis si Nanay papuntang Maynila at Lunes na nang madaling araw kung dumating. Matatagalan pa raw bago "maayos" ang mga dokumento. Dokumentong magpapatunay na minsan may isang pamilya, na kami'y iniluwal at buhay, na kami'y mga karapatan at tungkulin. Ang mga ate ko nama'y nahilig  sa kani-kanyang mga kaibigan. Kung dati'y sa pusa at sa akin sila nag-aaway, ngayon madalas silang mag-away dahil laging ipinagtatanggol ni Ate Sharon ang Tatay laban kay Nanay na siya namang pinapangatawanan ni Ate Cheche. Nang minsang nag-away ang dalawa isang Biyernes ng gabi na wala kaming nakitang ulam sa ref, noon ko narinig na tahasang sinabi ng Ate Sharon na may relasyon nga si Manoy Nestor at ang aming Nanay. At kaya naman daw pumupunta ang Nanay sa Maynila ay inaayos na nito ang dokumento ng paghihiwalay nila ni Tatay. Nagulat ako sa sinabing iyon ng Ate, habang walang humpay na humagulhol si Ate Cheche. Mabuti na lamang at hindi na ito nangisay. Matapos ang kanilang away, dumating ang Nanay na wala si Ate Sharon. Parang pusang hinanap ito ni Nanay. Tinulungan kami ni Manoy Nestor sa paghahanap sa matanda kong kapatid hanggang sa makuha namin ito sa bahay ni Carlo, ang basketbolista sa kabilang baryo na anak ng isang kumare ni Nanay. Dalawang buwan nang buntis ang aking Ate.

Hindi naman nagpakita ng mala-bulkan na galit ang Nanay sa nangyari sa Ate. Hindi niya ito sinumbatan ngunit hindi naman niya kinausap na ng masinsinan matapos itong sunduin sa bahay ng kasintahan. Parang paraan na rin 'yon ng Nanay na sabihing walang magsasalita o magrereklamo kung doon na rin sa bahay titira si Manoy

Nestor na lumipat sa amin nang sumunod na linggo matapos ang pagsundo kay Ate Sharon. Ang paglilipat ni Manoy Nestor sa amin ang mitsa ng muling mga bulong-bulungan ng mga kapitbahay. At kaya rin madalas ding makitang nakikipag-away si Manoy Nestor sa asawa niyang nasa sanglaan na minsan ko nang nakasalubong sa pagpunta ko sa estasyon ng sikad-sikad. Tinitigan ako nito na parang pusang may kagat na isdang-pang-ulam. Napayuko na lamang ako dahil tila may mga hintuturo ang kanyang mata. Kumaripas ako ng takbo pauwi sa amin at hinintay na lumubog ang araw sa aking kuwarto. Natulog akong tila may mga naghahabulan na daga sa dibdib ko samantalang sa kabilang kuwarto ay narinig ko ang mga iyak ng pusa, ni Nanay at ni Manoy Nestor.

Gayumpaman, ginawa pa ring parang normal ang buhay sa bahay maliban na lamang sa hindi na pag-imik ni Ate Cheche at ang paglobo naman ng tiyan ng Ate Sharon na madalas ay doon na rin kay Carlo natutulog. Tumigil muna siya sa pag-aaral sa kolehiyo samantalang tumakbo naman ang buhay ko na para bagang isa sa mga pusa na lamang: kain, tulog, aral, manood ng telebisyon, gumala kasama ang mga kaibigan. Tila sa kabila ng lahat na nangyari ay tahimik ko na lamang na pinagmamasdan ang mga bagay na nangyayari sa aking mga kasambahay, sa aking pamilya. Inalis na rin ng Nanay ang retrato ng Tatay at isinilid ito sa bodega, ang mga gamit naman ng Tatay ay ibinenta niya sa kumareng may tindahan ng mga ukay-ukay. Parang napupuno ng mga balahibo ang puso at ang alaala ko sa mga taong nasa paligid ko. Pero ganun lang naman talaga dito sa bahay, may aalis kagaya ng ilang pusa ng nanay, kagaya ng aking tatay na balitang nakapangasawa ng isang Amerikana sa kanyang pinagtatrabahuhang barko, ni Ate Sharon, na sa paglipas ng panahon ay lalong lumaki ang tiyan na parang nalulon na nito ang isang globo at si Ate Cheche na nahilig na lamang sa pagbibilang ng poste at mga basurahan na

ipinagawa ni Kapitan at nilagyan ng pangalan ng lahat ng politiko ng buong baryo.

Nitong isang araw, nakita na lang namin si Ate Cheche sa puntod ni Manay Biset na tila naghahanap ng maiiyakan, parang wala na kasi siyang dahilan para maiyak pa lalo't parang ipinaramdam ng Nanay na kailangang tanggapin ang mga pangyayari sa bahay na katulad lamang ng panganganak, paglalayas, at kamatayan ng kanyang mga alagang pusa. Dinala siya ni Manoy Nestor sa isang albularyo dahil baka raw sinapian na ng espiritu ni Manay Biset. Simula noong gabing ipinagamot ang Ate Cheche ay parang naging isang ligaw na pusa na lamang siya. Pinili na niyang magpahuli sa pagkain at minsan nabuksan ko itong kinakamay at dinidila-dilaan ang isang lata ng sardinas na walang laman. Lalo pa itong nagbago ng kilos nang alisin ng Nanay ang retrato ng Tatay sa kanyang salamin dahil bagama't sinasabing ampon sa pamilya, siya ang kamukhang-kamukha ni Tatay. Mula rin noon kinatakutan niya ang tubig lalo na kung Martes at Biyernes, sinabi raw sa kanya ng Mahal na Birhen na bawal ang paliligo sa mga araw bilang paggunita sa mga misyonerong pinatay sa Mindanao. Hindi naman ito pinansin ni Nanay dahil nalipasan daw na naman ng gutom ang ate at kinulang ng bilad sa araw. Kung kaya pinagsabihan, (sinermonan niya talaga ako) na huwag pababayaan ang aking kapatid.

Ngayong nanganak na muli si Mystica pinagmasdan ko ang mga mata ng bagong kuting, mutain pa ang mga ito. Baka raw supot ang nakatalik ni Mystica sabi naman ni Manoy Nestor, isang umaga habang hinihigop ang kanyang kape. Natatandaan ko pa noon, minsan sa isang huntahan ng mga matatanda sa kanto, narinig ko na kung gusto mo raw makakita ng aswang ay maglagay ka lamang ng muta ng pusa sa mata mo at umupo sa bao na may dalawang butas lamang. Ginawa namin ito minsan ni Obet ang kalaro kong pumunta na ng Dubai dahil doon na rin nakapangasawa ang kanyang nanay na Arabo, ngunit wala

naman kaming nakitang aswang ni Obet, hindi namin nakita si Manay Biset.

Tuwang-tuwa naman ang Nanay sa muling panganganak ni Mystica, sabik pa yata niyang inasam ang pagdating ng mga bagong pusa kaysa sa kanyang apo. Tahimik si Mystica sa hinihigaan na telang may bahid pa ng kanyang dugo. Pamilyar ang telang ito na ginawang basahan ng Nanay kung saan nanganak ang pusa: isang lumang uniporme ng ate kong nabuntis. Sumususo na ang mga bagong supling ni Mystica at tila inaantok ang matandang pusa dahil papungay-pungay ang mata nito, pipikit, didilat, hanggang sa marahil ay nabagot na ito at bumuhat mula sa kanyang pagpapasuso. Parang mga prutas na ayaw pang bumitaw sa sanga, ang mga kuting na unti-unting naglaglagan, napaknit sa kanilang pagkakadikit sa mga suso ng inang pusa. Pumunta si Mystica sa malapit sa refrigerator kung saan madalas siyang pinapakain ng Nanay. Ininom ng inang pusa ang tinimplang gatas ng Nanay para sa kanya.

Matapos makitang umiinom na si Mystica ng gatas at pagkakain nila ng kanilang almusal, agad namang umalis ang Nanay at si Manoy Nestor dahil may aayusin pa raw sila sa opisina ni Attorney San Andres, ang ninong kong abogado at kaklase ng tatay noong hay-iskul. Ipinagbilin sa akin ng Nanay na pakainin ang iba pang alagang pusa lalong-lalo na raw ang bagong sampung pusa at si Mystica. Inihanda ko ang mga tinik ng tinapa, ang natirang sopas, at malamig na kanin. Nilagyan ko ito ng tubig at asin upang pampalasa at saka hinalo-halo sa isang kaldero. Sinulyapan ko muli si Mystica, tulog na ang ilan sa kanyang mga kuting, samantalang ang iba'y tila ngangapa pa rin sa bagong liwanag, parang mga pawikang bumabalik muli sa dagat.

Naglilinis na ng kanyang balahibo si Mystica, nilalawayan nito ang kanyang mga paa, ang dibdib at ang kanyang mga kuting na balang-araw ay magiging katalik niya o kaaway o maglilihis lamang ang kanilang

mga landas. May maglalayas, may masasagasaan, may hihingiin o nanakawin, may pupulutin na lamang ito bigla at ipagpapalagay na nawawala, may pupulutanin. Marahil kung totoong siyam ang buhay ng mga pusa, walo rito ang maaaring salimpusa lamang sila o baka ang lahat ng siyam na buhay ay pagsasalimpusa.

Sa labas, nagsisimula nang bumagsak ang isang napakalakas na ulan. Nakatikom ang mga dahon ng akasya, marahil dahil sa lamig. Ganito ang mga dahong ito kapag gumagabi na rin, lumalamig na ang panahon. Nagsasara.

Lumabas ako upang maligo. Hindi ito ang unang ulan ng Mayo. Hindi ko alam kung anong petsa na ngayon, kung anong araw itong panganganak ng pusang si Mystica. Agad na nanuot ang tubig at lamig sa aking katawan, tila isa akong malaking bulak na sinisipsip ang tubig buhat sa langit. Nagpatuloy ako sa paglalakad sa walang katao-taong kalsada. Sinundan ko ang agos ng tubig sa imburnal at sumayaw-sayaw sa daguso ng hangin na parang balahibong naghahanap ng kahit anong laman na makakapitan.